

America Counts

Gusto Mo Bang Mapabilang sa Gig Economy? Magtrabaho sa Senso

Tumatanggap ng 500,000 Part-Time at Panandaliang Trabahador ang Senso para sa Senso 2020

Mga Kawani ng America Counts - Agosto 5, 2019

Mula sa pagmamaneho para sa negosyong ride-sharing o pagbebenta online ng mga gawang bahay na likhang sining, ang mga tao sa Estados Unidos ay patuloy na nagkakaroon ng dagdag na kita sa mga paraang bago at malikhain.

Ang mga panandaliang trabahong ito - o mga tinatawag na gig - ay nagagatungan ng mga bagong pagkakatong nabubuo dahil sa teknolohiya at sa takbo ng mga kompanyang mag-hire ng mas maraming trabahador na part-time o kontraktwal.

At ngayon, ang Kawanihan ng Senso ng U.S. ay malapit nang maging pinakamalaking gig employer sa susunod na taon.

Magkakaroon ng mahigit 500,000 trabahong panandalian at part-time habang puspusang naghahanap ang Kawanihan ng Senso ng mga trabahador na magsasagawa ng 2020 Senso sa susunod na taon.

Nagsimula na ang pag-hire ng mga trabahador para sa iba't ibang trabaho gaya ng tagapanayam na dadalaw sa mga tirahan at mga trabahador sa opisina na magtitiyak ng mga address ng tirahan, bukod sa iba pa. Ang sahod ay mula \$13 hanggang \$30 kada oras, ayon sa kung saan kayo nakatira.

High-Tech na Senso

Ang trabaho ng tagapanayam, or enumerator, ay magiging high-tech para sa 2020 Senso.

Tapos na ang mga araw ng pagkaladkad ng malalaking bag ng mga forms, mga manwal at mapa at kahon-kahong mga dokumento. Ngayon, ang mga enumerator ay gagamit na ng mga smartphone at laptop para i-update ang mga address at tulungang sumagot ang mga tao sa senso.

Ang mapping software na binuo ng Kawanihan ng Senso ay magsasaayos ng mga pinakamabuting oras para tawagan ang mga tao sa kanilang tirahan at ang pinaka-angkop ng paraan para maabot sila.

"Nakasulat lahat noon sa papel," sabi ni Burton Reist, pangalawang direktor para sa komunikasyon sa Kawanihan ng Senso. "Kahon-kahon ng papel lang kami dati. Ngayon, nakamapa na ang lahat sa telepono."

Mahusay na Pangalawang Trabaho o Gig na Part-time

Sa kauna-unahang pagkakataon, maaari nang mag-apply online ang mga tao para magtrabaho para sa Senso 2020

"Ang mga trabahong ito ay mahusay na pangalawang trabaho, at inaalok namin ang mga ito sa mga estudyante, tsuper ng bus, guro at iba pa," sabi ni Jeff Behler, direktor ng rehiyon para sa Opisina sa Rehiyon ng New York ng Kawanihan ng Senso. "Puwede mong magawa ang trabaho mong 40-hour-per-week at makakapagtrabaho ka pa sa amin 'pag Sabado at Linggo at maging matagumpay."

Nagre-recruit din si Behler ng mga tsuper ng taxi at negosyong ride-sharing, at iginigiit na maaari silang magtrabaho para sa 2020 Senso sa mga oras na off na sila.

"Lagi kaming nagre-recruit," sabi niya.

Iskedyul ng Pag-hire ng Senso

Ang 2020 Senso ay ang pagbilang ng bawat taong naninirahan sa Estados Unidos sa Abril 1, 2020, ang opisyal na Araw ng Senso. Nagtatanong ito ng mga simpleng katanungan, kasama ang edad at bilang ng mga taong nakatira sa tirahan. Hindi lamang nito binibilang ang mga tao kundi pati na rin kung saan sila nakatira sa Araw ng Senso.

Nakatakda ang ilunsad ng Kawanihan ng Senso ang pambansang operasyon sa pagsaliksik ng address sa Agosto para i-update ang mga listahan ng mapa at address sa buong bansa.

Sisiyasatin ng humigit-kumulang 50,000 panandaliang trabahador ng senso ang mahigit 50 milyong address sa buong bansa sa loob ng anim na linggo para alamin kung may mga bagong tirahan (o mga address) na nadagdag. Nais ng Kawanihan ng Senso na masigurong ang bawat address sa bansa ay makatatanggap ng imbitasyon sa Marso 2020 para makasagot sa senso.

Sa simula ng 2020, ang Kawanihan ng Senso ay magsisimulang tumanggap ng mga tagapanayam na dadalaw sa mga indibidwal na tirahan para tulungan ang mga naninirahan na kumpletuhin ang kanilang mga palatanungan kung hindi pa sila nakakasagot online, sa telepono o sa pamamagitan ng papel na palatanungan.

Ang mga trabahong door-to-door na ito ay kadalasang isinasagawa sa gabi o tuwing Sabado at Linggo. May mga posisyon ring magiging available para sa mga opisina sa rehiyon at lokal para sa mga tradisyonal na oras ng trabaho tuwing daytime.

Hanggang ngayon, ang pag-hire ay isinasagawa sa pamamagitan ng aplikasyon sa papel at mga sesyon ng pagsusuri sa personal. Ngayon, online na ito. Kapag napili, ang mga tao ay magbibigay ng kanilang fingerprints at dadaan sa background check bago sila makapagsimulang magtrabaho.

Nakakapagsasalita ka ba ng Pangalawang Wika? Kailangan ka ng Kawanihan ng Senso

Sa kabila ng mababang bilang ng kawalan ng trabaho sa malaking bahagi ng bansa, umaasang mapupunan ng Kawanihan ng Senso ang mga trabahong available, sabi ni Timothy Olson, ang associate director para sa operasyon sa field ng Kawanihan ng Senso.

Naghahanap ang Kawanihan ng Senso ng mga taong nagsasalita ng mga wikang hindi Ingles, at nakatira doon sa mga kapitbahayang binubuo ng mga imigranteng populasyon para "ang mga tagapanayam ay kamukha ng mga kapitbahayang binibilang namin," sabi si Behler.

Sinabi niya na ang mga taong nagtatrabaho bilang tagapanayam ay nawiwili sa kanilang trabaho at sa pagiging daan sa pagbabago sa kanilang komunidad.

"Hindi ako makapaniwala kung paano ito nagiging bahagi ng buhay at makikita mo ang parehong mga taong bumabalik-balik bawat dekada," sabi niya. "Mahiwagang karanasan talaga."